

Opisyal at kawani ng DOST, lumagda ng kasunduan

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Suot ang kulay dilaw na damit na simbolo ng pagkakaisa, tahimik na nagtipon ang mga kawani at opisyal ng Department of Science and Technology (DOST) upang pagtibayin ang pangako nitong pag-ibayuhin ang serbisyo sa mamamayan at sa bansa sa pamamagitan ng “8 DOST Outcomes” sa tinaguriang DOST Commitment Day na ginanap noong ika-3 ng Pebrero sa DOST Complex, Bicutan, Lungsod ng Taguig.

Ang nasabing “outcome” ay ang pagpapahusay sa walong sektor gamit ang siyensya, teknolohiya, at inobasyon kabilang ang agrikultura, MSME, industriya, IT-BPM, mga pangunahing serbisyo ng pamahalaan, healthcare, human resources, at weather and geologic hazard tungo sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa mula 2014.

Nagsama-sama ang mga kawani at opisyal ng DOST sa isang makasaysayang pagtitipon bilang pagbibigay suporta nito sa mga adhikain at programa ng Kagawaran sa mga susunod pang mga taon.

“As traditional industries are transformed and new industries such as nanotechnology are created, we need to ensure that our


sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

F-house ng DOST, kanlungan sa panahon ng kalamidad.....	p3
Isa sa tatlong kabataang babae ay bansot	p3
DOST, mangnguna sa isang malawakang disaster preparedness ..	p4
Larawan News.....	p4

DOST-PHIVOLCS inilunsad ang checklist para sa ligtas na kabahayan

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII



Checklist para sa lindol. Inilunsad kamakailan ng DOST-PHIVOLCS ang 12-point questionnaire para sa mga bahay na gawa sa concrete hollow block (CHB). Layunin ng nasabing questionnaire na bigyang-gabay ang mga nakatira sa mga kongkretong bahay upang malaman kung gaano ito katibay sakaling magkaroon ng malakas na lindol. (Larawan mula kay Joy M. Lazcano, S&T Media Service, DOST-STII)

Ligtas ba ang inyong bahay sa malakas na lindol?

Upang malaman ang kasagutan sa katanungang ito, pinasinayaan ng Department of Science and Technology-Philippine Institute of Volcanology and Seismology (DOST-PHIVOLCS) sa pakikipagtulungan ng Japan International Cooperation Agency (JICA) ang pagkakaroon ng 12-point questionnaire na tutulong sa pagtataya ng kalagayan ng mga bahay na gawa sa concrete hollow block (CHB).

Ang mga tanong ay idinisenyo upang bigyang-patnubay ang mga nakatira sa mga kongkretong bahay upang malaman kung gaano ito katibay sakaling magkaroon ng isang malakas na lindol.

Ang questionnaire na pinamagatang “How Safe is My House? Self-check for Earthquake Safety of CHB Houses in the Philippines”, ay mayroong 12 katanungan at ang bawat katanungan ay mayroong tatlong posibleng kasagutan. Ang bawat sagot ay may katumbas na puntos na kung saan ang kabuuang puntos ang magiging batayan ng tibay o kahinaan ng isang istraktura.

Kabilang sa mga katanungan ay ang mga sumusunod: Sino ang gumawa o nagdisenyo ng aking bahay? Gaano na katagal na nakatayo ang aking bahay? Ano ang hugis ng aking bahay? Naragdagan ba ang laki ng aking bahay?

sundan sa pahina 2

checklist para ...

Mula sa pahina 1

Ang iba pang mga katanungan ay patungkol naman sa mga impormasyon tungkol sa mga natamong pinsala sa mga nagdaang sakuna, kapal ng CHB, uri ng lupa, paggamit ng standard size steel bar, at lapad ng mga pader na walang suporta.

"The solution is to recognize the problem. Where will this recognition start? It should start with the homeowner," pagdidiin ni PHIVOLCS Director Dr. Renato U. Solidum Jr. Kamakailan ay ipinaliwanag ni Dir. Solidum na ang isang matibay na bahay ay hindi mabubuwal kahit magkaroon ng isang Intensity 9 na lindol.

Samantala, ang questionnaire ay hindi lamang magagamit ng mga may-ari ng bahay ngunit ito ay maaari ring gamitin ng mga lokal na inhinyero, building official, at maging ang mga opisyal ng lokal na pamahalaan.

"This material can also be practically used to ensure safety before the construction of houses," paalala ni Takahiro Sasaki, chief representative ng JICA Philippines.

Nagamit din ang nasabing questionnaire sa mga pagsusuri at pagsisiyasat sa ilang kabahayan at istruktura sa lalawigan ng Bohol kasunod ng Oct. 15, 2013 lindol.

Sa isinagawang eksperimento ng pinagsamang pangkat ng mga Filipino at Hapon sa National Research Institute for Earth Science and Disaster Prevention sa Tsukuba, Japan noong Pebrero 2011, gamit ang isang full-scale Shaking Table Test sa mga bahay na gawa sa CHB napag-alaman na ang bahay na sumunod sa building code ay hindi basta-basta mabubuwal sa harap ng malakas na lindol kumpara sa bahay na substandard at



hindi sumunod sa building code na dali-daling nasira. "Casualties from past earthquakes were caused by the collapse of buildings. And part of those are from damaged to collapsed non-engineered houses," pagbubunyag ni Solidum.

Ayon naman kay Engr. Ronaldo S. Ison ng Association of Structural Engineers of the Philippines (ASEP), hindi maiiwasan ang pagbagsak ng mga bahagi ng bahay kung mayroong malakas na pagyanig ngunit ito ay hindi mangyayari kung ito ay engineered house o ginamitan ng tamang sukat ng mga materyales.

"What we're trying to do is to educate everybody, that even if you employ masons and carpenters, they should be following certain standards. It is the right time for us to inform the public that we should not just rely on masons and carpenters to build our houses," pahayag ni Engr. Ison.

Ayon pa rin kay PHIVOLCS Dir. Solidum, na ang ligtas na bahay ay dapat ding may kaakibat na tamang pagresponde sa mga taong naninirahan upang maiwasan ang may masaktan at mas malaking pagkasira.

Sa kasalukuyan, ang ahensiya ay inihahanda na ang Filipino version ng 12-point questionnaire at plano nitong makagawa ng checklist para sa mga kabahayang gawa sa kahoy. Magkakaroon din ng isang computer software upang suriin ang kakayahan sa lindol ng mga disenyo ng mga istruktura.

Ang "How Safe is My House? Self-check for Earthquake Safety of CHB Houses in the Philippines" ay maaaring i-download sa <http://www.phivolcs.dost.gov.ph>. (Impormasyon mula kay Angelica A. de Leon, S&T Media Service, DOST-STII)

Opisyal at kawani ...

Mula sa pahina 1

country be at a position of advantage in the global economy. We have to find our niches in order to compete effectively in high-value added sectors mentioned in the eight major outcomes and reap the many economic benefits this can bring," pahayag ni DOST Secretary Mario G. Montejo sa kanyang pambungad na mensahe para sa Commitment Day.

Kanya ring ipinalala sa lahat na kailangang mahusay na harapin ng bawat isa ang mga negatibong pananaw hinggil sa siyensya. "Whether these feelings stem from false premises – for instance, the environment versus technological advance, or from a simple misunderstanding of the impact of scientific advance, we have to do a better job in reminding the general public about the virtues of science," paliwanag niya.

Matapos ang kanyang talumpati ay isa-isang lumagda sa tinawag na Wall of Commitment ang mga direktor, pinuno ng bawat employee association ng mga ahensiya



sa ilalim ng DOST, at maging si Sec. Montejo. Ito ay sinundan ng paglagda ng mga kawani sa nasabing wall of commitment na inilatag sa gitna ng DOST quadrangle.

Matapos ang paglagda, ang lahat ay nagpalipad ng dilaw na lobo kalakip ang mga simpleng hiling para sa Kagawaran at sa bansa na pinangunahan ni Sec. Montejo.

Lagda tungo sa ikaunlad ng bansa.

Masayang lumagda ang mga kawani ng DOST sa tinaguriang "Wall of Commitment" upang isakatuparan ang 8 DOST Outcomes na magpapahusay sa walong sektor gamit ang siyensya, teknolohiya, at inobasyon kabilang ang agrikultura, MSME, industriya, IT-BPM, pangunahing serbisyo ng pamahalaan, healthcare, human resources, at weather and geologic hazard tungo sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa mula 2014. (Larawan mula kay Henry A. De Leon, S&T Media Service, DOST-STII)

Kasama rin sa nasabing pagtitipon ang mga opisyal at kawani mula sa Los Baños, Laguna at Quezon City.

Ang nasabing pagtitipon ay pinamagatang "Juan Direction," na ibig sabihin ay isang lakbayin tungo sa pag-unlad ng bansa at ng mamamayan. (Impormasyon mula kay Angelica A. de Leon)

F-house ng DOST, kanlungan sa panahon ng kalamidad

Ni Maria Luisa S. Lumioan
S&T Media Service, DOST-STII

Isang bahay na natitiklop na nilikha ng mga eksperto ng Department of Science and Technology-Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI) ay maaaring makatugon sa pangangailangan para sa pansamantalang tahanan ng ating mga kababayang sinalanta ng kalamidad.

Tinaguriang F house, ito'y maaring itayo sa loob ng isang oras ng apat kataong may simpleng kagamitan (fast-build); matibay (firm); at maaaring itiklop at itabi (foldaway) kapag hindi muna kailangan.

Kumpara sa tent, na karaniwang ginagamit na temporaryong tahanan ng mga nasalanta ng kalamidad, ang F house ay mas komportable—may sahig, bubong, pinto, at bintana katulad ng isang permanenteng bahay.

Ang nasabing pre-fabricated emergency shelter ay maaaring tirhan ng hanggang limang katao.

Maaari ring gamitin ito bilang distribution center para sa relief operations, mobile clinic at iba pa.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay Dr. Rico J. Cabangon, Hepe ng Engineered Products and Development Section ng DOST-FPRDI sa (049) 536 2360.



Isa sa tatlong kabataang babae ay bansot ---- FNRI

Ni Ma. Anna Rita M. Ramirez
S&T Media Service, DOST-FNRI

Isa sa tatlong batang babae ng 13 hanggang 19 na anyos ay bansot o maliit para sa kanilang edad. At anim hanggang walong porsiyento naman sa kanila ay payat para sa kanilang edad. Ito ay ayon sa resulta ng 2011 serbey ng Food and Nutrition Research Institute (DOST-FNRI), ng Department of Science and Technology.

Bansot ang isang tao kung ang kanyang taas ay mababa para sa kanyang edad. Isang mahalagang sanhi nito ay ang matagalang kundisyon ng malnutrisyon, bunsod ng kakulangan sa pagkain na kadalasan ay dulot ng kahirapan, ayon sa mga eksperto sa nutrisyon.

Ang kakulangang ito sa pagkain ay natukoy sa serbey ng FNRI noong 2008. Dito naiulat na walo sa sampung mga batang babae ay naitalang kulang ang pagkain sa enerhiya. Lima sa bawat 10 sa kanila ay kulang naman ang kinakain sa protina.

Sa naturang serbey, nakita rin na ang pagkain nila ay kulang na kulang sa *micronutrients*. Anim hanggang siyam sa 10 kabataang babae ang may kakulangan sa *thiamine* o bitamina B₁ (64.9%), *ascorbic*

acid o bitamina C (80.7 %), *vitamin A* (81.1 %), *riboflavin* o bitamina B₂ (82.1%), *calcium* (97.9%) at *iron* (98.1%).

Maraming dapat isaalang-alang sa kalagayang ito ng mga kabataang babae. Una, ang kanilang *reproductive role* o paghahanda sa pagbubuntis. Pangalawa, ang kanilang kalagayang pangnutrisyon. Ang dalawang ito ay may malaking kaugnayan sa isa't isa.

Ayon sa mga eksperto, ang pagiging bansot ng mga kababaihan ay may dagdag na peligro o tyansa ng komplikasyon sa pagbubuntis at panganganak.

Ang datos na ito ay higit na dapat pagtuunan ng pansin lalo na sa higit 60% pagtaas sa insidente ng panganganak sa mga Filipinang kabataang kababaihan mula taong 2000 hanggang 2010, ayon naman sa National Statistics Office o NSO.

Ang kalagayang pang-nutrisyon at pangkalusugan ng mga kabataang babae ay hindi pwedeng sa isang-tabi. Dapat makita ang mas malawak na implikasyon nito sa kanilang kinabukasan bilang ina, bukod pa sa kinabukasan ng sanggol na kanilang isisilang.

Ang FNRI-DOST ay may mandatong magsagawa ng *National Nutrition Surveys* para tutukan ang pangkalahatang kalagayang pang-nutrisyon ng mga Pilipino tuwing ika-limang taon at ika-dalawang taon naman ang pagtutok sa nutrisyon ng mga bata sa mga rehiyon.

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO
Copy Editor

JAMES B. INTIA
Layout

JUDITH L. SABLAN
Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalaín ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

DOST mangunguna sa malawakang disaster preparedness

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Pangungunahan ng Department of Science and Technology (DOST), sa pakikipagtulungan ng Department of Interior and Local Government (DILG) at Office of the Civil Defense (OCD) ang unang bahagi ng regional disaster information campaign na pinamagatang “Iba na ang Panahon! Science for Safer Communities” sa Marso 3 sa Oxford Hotel, Lungsod ng Angeles, Pampanga.

Ang pagpupulong ay dadaluhan ng mga opisyal mula sa lokal na pamahalaan kabilang na ang mga disaster risk reduction manager ng Gitnang Luzon upang bigyang kaalaman hinggil sa pinakahuling impormasyon, kagamitan, at teknolohiya ukol sa mga posibleng epekto ng mga sakuna sa kanilang mga sinasakupan at ang pagkakaroon ng mga tamang hakbang at komunikasyon sa gitna ng mga kalamidad.

Layunin ng nasabing pagpupulong na palakas ang kaalaman ng mga lokal na pamahalaan sa paghahanda sa mga paparating na kalamidad.

Sa kanyang mensahe, ipinaliwanag ni DOST Secretary Mario G. Montejo na ang Iba na ang Panahon! “embraces the change in our seasonal climate and weather patterns and the severity of the impact of weather-related natural hazards in the country.” Dagdag pa ni Sec. Montejo na tampok sa pagpupulong ang pagkakaroon ng mga makabagong kagamitan gaya ng high resolution map at flood modeling solutions upang makagawa ng mas pinahusay na pagtataya ng panahon hanggang sa mga komunidad.

Mga inisyatiba mula sa iba’t ibang ahensiya ng gobyerno

Sa paglulunsad ng nasabing kampanya, ang pamahalaan ay maglalaan ng kaakibat



na tulong upang mapalakas ang kakayahan ng mga komunidad upang humarap sa mga kalamidad na tulad ng bagyong Yolanda.

Ayon kay Sec. Montejo, ang mga kaanib na ahensya ng pamahalaan ay ibabahagi ang kanilang kakayahan sa 17 rehiyon mula Marso 3 hanggang Mayo 23, upang paghusayin ang kakayahan ng lokal na pamahalaan sa pagharap sa mga kalamidad mula sa risk monitoring, hanggang pagpapalano at kaakibat na aksyon.

“We will teach them how to put science in disaster planning and preparation,” pahayag ni Sec. Montejo.

Dagdag pa ni Montejo na ang lahat ng mga opisyal ng lokal na pamahalaan ay inaatasang dumalo sa nasabing pagpupulong.

“We had been able to draw up scenario-based strategies and protocols in dealing with calamities, from warning, response, to rehabilitation. We are bringing them down to the provinces and municipalities, and there’s no other time to start than now. Summer is just around the corner, and we would rather make hay while the sun shines,” paliwanag pa niya.

Pangungunahan ng DOST ang pagbibigay ng mga kaalaman hinggil sa disaster technologies habang ang DILG at OCD ang magtuturo ng tamang pagpapalano ayon na rin sa mga siyentipikong datos.

“Our objective is to increase the local risk knowledge of the local executives and the people in their communities,” pahayag ni Montejo. “Capacitate them to do an effective monitoring of a looming calamity, test their warning and communication protocols, and build their response capabilities.”

Inaasahan na matapos ang pagpupulong ay mapabubuti na ang kakayahan sa pagdidisyon ng lokal na pamahalaan ukol sa mga hakbang nito kapag mayroong sakuna.

“After these workshops, we expect local leaders and their communities to respond to our early warnings. As we have been doing, we will continue providing early warnings, and we expect them to give early actions to attain zero, or only minimal damage and casualties whenever a calamity hits them,” wika ni Montejo. (Impormasyon mula kay Framelia V. Anonas, S&T Media Service, DOST-STII)

LarawaNEWS



Ipaliliwanag ni Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo kay Ms. Margareta Wahlström, UN special representative of the Secretary General for Disaster Risk Reduction, ang roadmap ng kagawaran hinggil sa climate change at disaster preparedness. Dinalaw ni Ms. Wahlström ang bansa upang hikayat in ang bansa na gumawa ng isang dokumentaryo na nagpapakita ng mga tagumpay sa pagsasakatuparan ng Hyogo Framework for Action (HFA) sa nakalipas na 10 taon. Ang dokumentaryo ay ipapakita sa bansang Japan sa ika-tatlong World Conference on Disaster Risk Reduction sa 2015. Ang HFA ay ang 10 taong plano na may kaakibat na layuning mabawasan ang bilang ng mga na nasasalanta ng mga kalamidad sa taong 2015.